Nauugnay sa COVID-19 na Impormasyon sa Pabahay ng DFEH

MGA MADALAS ITANONG

Natukoy sa California at Estados Unidos ang isang sakit sa baga na dulot ng isang bagong coronavirus (COVID-19), na ngayon ay isang pandemya o laganap sa buong mundo. Noong Marso 4, 2020, nagdeklara si Gobernador Newsom ng kalagayan ng kagipitan (state of emergency) sa California.

Dapat suriin ng mga tagapagkaloob ng pabahay ang mga proseso sa kalusugan at kaligtasan para maiwasan ang pagkakalantad sa virus, at dapat nilang tiyaking walang magaganap na diskriminasyon sa pabahay sa California.

Ipinagbabawal ng mga batas sa karapatang sibil sa California ang diskriminasyon sa pabahay at panggugulo o pangha-harass, pati na rin sa panahon ng pandemya. Dagdag dito, pinirmahan ni Governador Newsom ang isang Kautusang Tagapagpaganap N-37-20 (Executive Order N-37-20) na nagbabawal sa pagpapatupad ng anumang pagpapaalis sa bahay dahil sa hindi pagbabayad ng upa sa dahilang nauugnay sa COVID-19 hanggang Mayo 31, 2020. Nagpatupad ang maraming lokal na hurisdiksiyon ng higit pang paghihigpit sa kakayahan ng mga may-ari ng bahay o landlord na paalisin ang mga nangungupahan sa panahon ng emergency na ito.

Ipinagbabawal ng batas ang diskriminasyon at panggugulo laban sa mga kasalukuyang nangungupahan o posibleng mangupahan, dahil sa lahi o bansang pinagmulan sa lahat ng oras.

Sa ilalim ng Batas sa Makatarungang Trabaho at Pabahay (Fair Employment and Housing Act), labag sa batas para sa isang tagapagkaloob ng pabahay na magdiskrimina laban sa nangungupahan o tratuhin siya nang hindi gaanong kabuti kumpara sa ibang nangungupahan dahil sa lahi o bansang pinagmulan ng nangungupahan. Kasama sa bansang pinagmulan ang mga heyograpikong lugar na pinagmulan, mga etnikong pangkat, at mga kinaaanibang tribo. Bilang halimbawa, labag sa batas para sa isang tagapagkaloob ng pabahay na: tanggihan ang pagpapaupa, ihiwalay ang nangungupahan, o magbigay ng mga terminong hindi kasingbuti ng sa iba dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na lahi o bansang pinagmulan ng nangungupahan, o dahil sa kaniyang kaugnayan (kasama ang kasal o pagsasama sa tahanan) sa isang tao batay sa lahi o bansang pinagmulan.

Palaging labag sa batas ang panggugulo batay sa lahi o bansang pinagmulan. Dagdag dito, dapat gumawa ang mga tagapagkaloob ng pabahay ng mga makatuwirang hakbang para maiwasan at agad na maitama ang mapandiskrimina at mapanggulong gawi sa ari-arian, kahit na ang nanggugulo ay isa ring nangungupahan. Sa panahon na alam o dapat na alam ng tagapagkaloob ng pabahay ang mapandiskriminang panggugulo at kung saan may kapangyarihan ang tagapagkaloob ng pabahay na iwasan, bawasan, o tapusin ang gawing labag sa batas (bilang halimbawa, sa ilalim ng mga termino ng isang pagpapaupa o mga tuntunin ng samahan ng mga may-ari ng bahay), dapat umaksiyon ang mga tagapagkaloob ng pabahay para tiyaking hindi nakakaranas ng panggugulo ang mga nangungupahan mula sa ibang mga nangungupahan.

Nauugnay sa COVID-19 na Impormasyon sa Pabahay ng DFEH

Ipinagbabawal ng batas ang lahat ng diskriminasyon at panggugulo laban sa mga kasalukuyang nangungupahan at mga posibleng mangupahan, dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na kapansanan.

Sa ilalim ng Batas sa Makatarungang Trabaho at Pabahay, labag sa batas para sa isang tagapagkaloob ng pabahay na magdiskrimina laban sa nangungupahan o tratuhin siya nang hindi gaanong kabuti kumpara sa ibang nangungupahan dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na kapansanan ng nangungupahan. Ang kapansanan ay isang kondisyong naglilimita sa pangunahing gawain sa pamumuhay at kasama rito ang mga pisikal na kapansanan at kapansanan sa pag-iisip (kasama ang mga kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip). Maaaring humantong ang COVID-19 sa kapansanan, lalo na kung magreresulta ito sa pangangalaga sa ospital, patuloy na medikal na paggamot, o pangangasiwa ng isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari ding magdulot ng kapansanan ang COVID-19 kung hahantong ito sa mga kondisyon tulad ng pulmonya. Bagaman dapat sundin ng lahat ng taga-California ang pinakanapapanahong rekomendasyon sa pampublikong kalusugan ng lokal, pang-estado, at pederal na pamahalaan, labag sa batas para sa isang tagapagkaloob ng pabahay na tanggihan ang pagpapaupa, ihiwalay ang nangungupahan, o magbigay ng mga terminong hindi kasingbuti ng sa iba dahil sa aktuwal o ipinagpapalagay na kapansanang nauugnay sa COVID-19.

Ipinagbabawal ng batas na magtanong ang mga tagapagkaloob ng pabahay tungkol sa aktuwal o ipinagpapalagay na kapansanan ng nangungupahan.

Sa ilalim ng Batas sa Makatarungang Trabaho at Pabahay, labag sa batas para sa isang tagapagkaloob ng pabahay na tanungin ang sinumang nangungupahan tungkol sa aktuwal o ipinagpapalagay na kapansanan ng nangungupahan, kasama ang kapansanang nauugnay sa COVID-19. Katulad nito, (1) hindi maaaring iutos ng tagapagkaloob ng pabahay sa nangungupahan na umalis dahil naniniwala ang tagapagkaloob ng pabahay na ang nangungupahan ay may kapansanang nauugnay sa COVID-19, o (2) hindi maaaring iutos ng tagapagkaloob ng pabahay sa nangungupahan na magpakita ng katibayang hindi nauugnay sa COVID-19 ang kaniyang kapansanan.

Dapat bang magkumpuni ang mga tagapagkaloob ng pabahay sa yunit ng nangungupahan sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19?

Oo, dapat sumunod ang mga tagapagkaloob ng pabahay sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan para tiyaking sumusunod sa batas ang mga pinapaupahang yunit. Gayunpaman, dapat gamitin ng mga tagapagkaloob ng pabahay ang kanilang pagpapasiya at mga rekomendasyon mula sa mga kautusan sa pampublikong kalusugan sa pagkukumpuni para protektahan ang kanilang mga empleyado at nangungupahan mula sa pagkakalantad sa COVID-19. Dapat sundin ng mga nangungupahan ang mga utosa at rekomendasyon sa pampublikong kalusugan, kasama iyong mga pagpapanatili ng pisikal na distansiya, kapag nakikipagtulungan sa tagapagkaloob ng pabahay sa mga oras ng pagkukumpuni.

Hindi maaaring mandiskrimina ang mga tagapagkaloob ng pabahay laban sa mga nangungupahan nang batay sa edad, kahit na may mabuting dahilan ang tagapagkaloob ng pabahay sa panahon ng pandemyang dulot ng COVID-19.

Labag sa batas na mandiskrimina laban sa nangungupahan nang batay sa edad sa pamamagitan ng pagtanggi sa pagpapaupa, pagbibigay ng mga hindi kasingbuting termino, paghihiwalay sa nangungupahan, o panggugulo sa nangungupahan kahit na sinusubukan ng tagapagkaloob ng pabahay na makatulong dahil sa pandemya. Bilang halimbawa, kung walang kautusan sa pampublikong kalusugan, labag sa batas na ibukod ang mas matatandang nangungupahan sa pamamagitan ng paghihiwalay sa kanila batay sa kanilang edad sa isang lugar ng pinapaupahang ari-arian, o kaya naman ay pagtanggi ng access sa mga common area sa mas matatandang nangungupahan lamang, kahit na nag-aalala ang tagapagkaloob ng pabahay sa kanilang kalusugan. Gayunpaman, maaaring iatas ng mga may-ari ng bahay sa lahat ng mga nangungupahan na sumunod sa mga kautusan ng lokal, pang-estado at pederal na pamahalaan ukol sa pampublikong kalusugan.

Sa panahon ng pandemya, maaari bang isara ng tagapagkaloob ng pabahay ang mga pasilidad para sa libangan para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19?

Oo, dapat sumunod ang mga tagapagkaloob ng pabahay sa mga utos at rekomendasyon ng lokal, pang-estado at pederal na pamahalaan, na maaaring mag-atas na isara ang mga pasilidad para sa libangan, kasama ang mga gym, languyan, at clubhouse, para maiwasan ang paglaganap ng COVID-19. Sa pagsunod sa mga nasabing utos o rekomendasyon, dapat tratuhin ng tagapagkaloob ng pabahay ang lahat ng mga nangungupahan sa parehong paraan. Labag sa batas na pahintulutan o ipagbawal ang pag-access sa mga pasilidad batay sa protektadong katayuan, kasama ang kapansanan, lahi, bansang pinagmulan, o edad.

Dapat bang magbigay ang mga tagapagkaloob ng pabahay ng mga makatuwirang kaluwagan sa mga taong may mga kapansanan na nangangailangan ng mga serbisyong pansuporta sa tahanan tulad ng tulong ng isang kapamilya, kaibigan, o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung saan kailangang magbigay ng pangangalaga dahil sa mga epekto ng COVID-19?

Dapat magbigay ang mga tagapagkaloob ng pabahay ng mga makatuwirang kaluwagan kung saan kinakailangan ito para mabigyan ang isang indibidwal na may kapansanan ng pantay na oportunidad na gamitin at magsaya sa isang yunit ng tirahan at sa mga pampublikong lugar o common area, maliban na lamang kung ang nasabing kaluwagan ay magdudulot ng hindi makatuwirang pasanin sa pananalapi o pangangasiwa, ng isang pangunahing pagbabago ng programa, o kung ang pagpapahintulot sa kaluwagan ay magdadala ng direktang banta sa kalusugan at kaligtasan ng iba o magdudulot ng malaking pisikal na pinsala sa ari-arian ng iba.

Kasama sa makatuwirang kaluwagan ang mga pagbabago ng tagapagkaloob ng pabahay sa mga tuntunin, patakaran, o proseso kung saan kinakailangan para mabigyan ang nangungupahang may kapansanan ng pantay na oportunidad at nakasisiyang paggamit ng lugar. Bilang halimbawa, magiging isang makatuwirang kaluwagan para sa isang tagapagkaloob ng pabahay ang pagtatanggal ng tuntunin laban sa mga bisitang mananatili nang magdamag o overnight para tugunan ang kahilingan ng nangungupahan na manatili ang isang kapamilya, kaibigan, o tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa pinapaupahang yunit para maalagaan ang nangungupahan dahil sa isang kapansanang may kaugnayan sa COVID-19.

Kung humihiling ang nangungupahan ng makatuwirang kaluwagan para sa isang kapansanang may kaugnayan sa pandemya, kinakailangan ba niyang magbigay ng beripikasyon na may kapansanan siya at na kailangan ang makatuwirang kaluwagan?

Hindi maaaring humiling ang mga tagapagkaloob ng pabahay ng karagdagang impormasyon tungkol sa kapansanan ng isang indibidwal o sa pangangailangan para sa kaluwagan kung ang indibidwal (o ang kaniyang kinatawan) ay magbibigay ng maaasahang impormasyon tungkol sa kapansanan at kung bakit kinakailangan ang hiniling na kaluwagan.

Sa pangkalahatan, kung hindi madaling matukoy ang pangangailangan para sa kaluwagan, maaaring humiling ang tagapagkaloob ng pabahay ng impormasyong naglalarawan sa kinakailangang kaluwagan at kung paano ito naging mahalaga sa pagbibigay ng pantay na oportunidad para gamitin at masiyahan sa tirahan ang indibidwal. Maaaring magmula ang impormasyong ito mula sa indibidwal o sinumang maaasahang ikatlong partido na nasa posisyong malaman ang tungkol sa kapansanan ng indibidwal o sa pangangailangan para sa hiniling na kaluwagan, kasama ang mga medikal na propesyonal, manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan, pansuportang grupo, o tagapangalaga.

Sa isang pandemya, karaniwang hindi praktikal para sa isang nagungupahan na magbigay ng beripikasyon ng kapansanan at ng pangangailangan para sa isang partikular na kaluwagan mula sa mga medikal na propesyonal o manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan na nagtatrabaho para tugunan ang mga agarang pangangailangan ng pasyente. Dapat ituring ng mga tagapagkaloob ng pabahay ang anumang impormasyon sa beripikasyon bilang kumpidensiyal. Hindi ito maaaring ibungyag sa ibang mga nangungupahan.

Ano ang dapat gawin ng isang tagapagkaloob ng pabahay kung malaman niyang nananakot, nanggugulo, gumagawa o nagbabantang gumawa ng mga marahas na pagkilos at bandalismo ang ibang mga nangungupahan laban sa iba pang nangungupahan dahil sa lahi, bansang pinagmulan, kapansanan o ibang protektadong katangian?

Dapat itama at wakasan ng tagapagkaloob ng pabahay ang mapagdiskriminang gawing ginawa ng isang nangungupahan laban sa isa pang nangungupahan dahil sa kaniyang protektadong katayuan (kabilang ang lahi, bansang pinagmulan, o kapansanan) kapag may awtoridad siya para gawin ito (halimbawa, sa ilalim ng mga termino ng isang pagpapaupa o mga tuntunin ng samahan ng mga may-ari ng bahay). Maaaring kasama sa pagkilos na ito ang pakikipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng batas para tumugon sa karahasan, mga pagbabanta ng karahasan na malamang na itutuloy ng nagbabanta, bandalismo, o ibang krimen.

Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng diskriminasyon sa pabahay, mangyaring makipag-ugnayan sa DFEH.

Kung mayroon kang kapansanang nangangailangan ng makatuwirang kaluwagan, maaari kang tulungan ng DFEH sa pamamagitan ng pagsusulat ng iyong mensahe sa pamamagitan ng telepono o, para sa mga indibidwal na Bingi o May Kahirapan sa Pandinig o may mga kapansanan sa pagsasalita, sa pamamagitan ng California Relay Service (711), o maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng impormasyon sa ibaba.

PARA MAGHAIN NG REKLAMO

Department of Fair Employment and Housing
dfeh.ca.gov
Walang Toll: 800.884.1684
TTY: 800.700.2320